

## いろいろな場所

1. Bumibili tayo ng isda, karne at gulay sa palengke.  
市場で魚と肉と野菜を買いましょう。
2. Tahanan ng Diyos ang Simbahan.  
教会は神の住まいです。
3. Maraming taong namamasyal sa parke.  
沢山の人が公園を散歩している。
4. Dinadala sa ospital (pagamutan) ang mga maysakit.  
病人達は病院に連れて行かれます。
5. Nag-aaral bumasa, sumulat, at bumilang ang mga bata sa eskuwela (paaralan).  
学童達は読み、書き、計算を勉強している。
6. Bumili ako ng asin, gatas, asukal, at mga pagkain delata sa groseri.  
私は食料品店で塩と牛乳と砂糖と缶詰を買いました。
7. Bumili tayo ng tinapay sa panaderya.  
パン屋さんでパンを買いましょう。
8. Kumakain sa restawran ang magkaibigan.  
友人同士でレストランで食事をしています。
9. Bumili si Adela ng mga damit, medyas, sapatos, at mga kosmetiko sa department store.  
アデラはデパートで洋服や靴下や靴や化粧品を買いました。
10. Isang malaki at pulang trak ang nasa harap ng estasyon ng bumbero.  
消防署の前にあるのは、大きな赤いトラックです。
11. Nahuli ng pulis ang magnanakaw at dinala niya sa estasyon ng pulis.  
泥棒は警察に逮捕され警察署に連行された。
12. Maraming taong naghihintay sa estasyon ng tren.  
駅で待っている人が沢山いる。
13. Ihahatid ko ang kaibigan ko sa airport.  
友人を空港まで送っていきます。
14. Nakahimpil ang mga bus sa terminal.  
バスがターミナルに停車している。

15. Dadaong ang bapor sa piyer.  
その船は港でドック入りする。
16. Idinideposito natin ang ating pera sa bangko.  
私達のお金を銀行に預金しましょう。
17. May padulasan, seesaw, at baras sa palaruan.  
遊園地には、滑り台とシーソーと鉄棒があります
18. Manonood kami ng magandang pelikula sa sinehan.  
私達は映画館で素晴らしい映画を見ます。
19. Kasalukuyang may pinaglalamayang patay sa punerarya.  
最近は葬儀場で通夜をすることがある。
20. May malalaking musoleo at mga karaniwang puntod sa sementeryo.  
墓地には大きな零票と普通の墓がある。
21. Tumuloy sila ng isang gabi sa isang otel.  
彼らは一晩ホテルに泊まった。
22. Ang Manila ang punong lungsod ng Pilipinas.  
フィリピンの首都はマニラです。
23. Kami'y tagalalawigan ng Bulacan, sa bayan ng Santa Maria.  
私達はサンタ・マリアの街、ブラカン地方出身です。
24. Magulo sa lungsod at tahimik sa lalawigan (probinsya).  
都市は騒がしく田舎は静かです。
25. Sariwa ang hangin sa bukid.  
畑は空気が新鮮だ。
26. May mga unggoy, leon, elepante, tigre, ahas, at iba pang hayop sa gubat.  
森には猿やライオンや象や虎や蛇や他にまだ別の動物がいます。
27. Mainit na mainit sa disyerto.  
砂漠は非常に暑い。
28. May mga pataniman ng tubo, abaka, niyog, at tabako sa lalawigang (probinsya) iyon.  
たその田舎には、サトウキビ、マニラ麻、ココナッツ、とタバコの畑がある。
29. Nakakitana ako ng pataniman ng pinya, goma, at kape.

私は、パイナップルとゴムとコーヒーの畑を見たことがある。

30. Binubuo ng maraming pulo (isla) ang Pilipinas.

フィリピンはたくさんの島々からなっている。

31. Nakatila sila sa isang maliit na nayon.

彼らは小さな村に住んでいる。

32. Tulad ng Pilipinas, nasa Asya ang bansang Hapon.

フィリピンと同様に、日本の国もアジアにある。

33. Pitong lahat ang kontinente sa daigdig.

世界には全部で七つの大陸がある。

34. Mga kontinente ng daigdig ang Asya, Aprika, Australia, Europa, Antarktika, Timog Amerika, at Hilagang Amerika.

アジア、アフリカ、オーストラリア、ヨーロッパ、南極、北アメリカと南アメリカが世界の大陸である。

## 会話 1

The taxi driver was chatting with his passenger.

タクシートの運転手が乗客とお喋りをしていました。

Tsuper ng taksi : Saan kita ihahatid?

タクシードライバー : どこまで送りましょうか？

Pasahero : Sa Otel Silangan.

乗客 : シラガン・ホテルまで

Tsuper ng taksi : Ito ba ang una mong bisita sa siyudad namin?

タクシードライバー : 私達の街への訪問はこれが初めてですか？

Pasahero : Oo, Malaki at moderno ang inyoung airport.

乗客 : はいそうです。あなた方の空港は大きくて近代的ですね。

Tsuper ng taksi : Maraming bagong gusaling itinatatayo sa siyudad na ito, Dinadaan natin ngayon ang sentrong komersyal. Narito ang mga bangko, ang malaking department store, mga restawran at kainan, mga opisina, at mga kompanya.

タクシードライバー : この街では新築の建物がたくさんあります。今、商業の中心地を通っています。ここには、銀行、大きなデパート、レストランや食堂、会社、それと工場があります。

Pasahero : Talagang maunlad (progresibo) ang siyudad ninyo.

乗客：貴方達の街は本当に発展していますね。

Tsuper ng taksi : Dito sa lugar na ito matatagpuan ang mga groseri, mga tindahan, ang estasyon ng bumbero, may mga pamilihan din.

タクシードライバー：ここ、この場所では食料雑貨店、商店、消防署があります、市場もありますよ。

Pasahero : Malayo pa ba rito ang Otel Silangan?

乗客：シラガン・ホテルはここからまだ遠いのですか？

Tsuper ng taksi : Mga dalawang kilometro pa mula rito.

タクシードライバー：ここからあと2キロメートル位です。

Pasahero : Tiyak na magugustuhan ko ang isang linggong pagbisita sa siyudad na ito.

乗客：この街での一週間の滞在を好きになることは間違いないですね。

Tsuper ng taksi : Babalik kang piho. Malaming magagandang lugar sa siyudad namin.

タクシードライバー：戻ってくること請け合いだよ。私達の街にはいい場所が沢山あるからね。

## 会話 2

Mr. and Mrs. Lopez were enjoying their holiday in an island.

ロペス夫妻は島で休日を楽しんでいました。

Mrs. Lopez : Napakagandang islang ito. Naiinggit ako mga nakatira rito.

ロペス夫人：この島はとても綺麗ね。ここに住んでる人達が羨ましいわ。

Mr, Lopez : Gusto ko ang kluma. At sariwa ang hangin. Hindi maalikabok.

ロペス氏：気候が好いね。それに空気が新鮮だ。埃っぽくない。

Mrs. Lopez : At malapit sa dagat. Araw-araw puwede kang maglakad sa dalampasigan,

ロペス夫人：それと海に近いわ。毎日海岸を歩くことができるわよ。

Mr, Lopez : May mga islang malapit dito na puwede nating pasyalan. Gusto kong makita ang mga plantasyon ng pinya, saging, goma, at kape.

ロペス氏：ここの近くに私達が遊びに行ける島があるよ。パイナップルやバナナやゴムやコーヒーの農園を見たいな。

Mrs. Lopez : Bakit hindi tayo pumasyal doon?

ロペス夫人：そこに遊びに行きましょうよ。

Mr, Lopez : Balak ko ngang umupa ng lantsa, Libutin natin ang ibang pulo.  
ロペス氏 : 実際モーターボートを借りる予定だよ。別の島周ろうよ。

Mrs. Lopez : Payag ako. Ang ayoko lang puntahan ay gubat at disyerto.  
ロペス夫人 : 賛成だわ。私が行きたくないのはジャングルと砂漠だけだもの。

Mr, Lopez : Huwag kang mag-alaala. Hindi kita dadalhin sa disyerto dahil napakainit. Lalong hindi tayo pupunta sa gubat dahil mapanganib.  
ロペス氏 : 心配ないよ。非常に暑いから砂漠へは連れて行かないよ。ましてや危険だから森には行かないよ。

Mrs. Lopez : Di tayo na sa ibang pulo.  
ロペス夫人 : じゃあ、別の島に行きましょう。

### 会話 3

Lucia was begging her cousin to drive her to town.  
ルシアはいとこに車で街まで連れて行ってくれるようお願いしていました。

Lusia : Sige na. Ihatid mo ako sa bayan. Hindi ako makakapagmaneho.  
ルシア : おねがい。私を待ちまで連れて行って。私、車の運転ができないのよ。

Alex : Bakit?  
アレックス : どうして?

Lusia : Nawala ang lisensya ko.  
ルシア : 免許証を失くしちゃったのよ。

Alex : Saan ka ba talaga pupunta?  
アレックス : 実際どこに行くの?

Lusia : Una, sa gasolinahan. Magpapagasolina tayo.  
ルシア : 先ずはガソリンスタンド。ガソリンを入れましょう。

Alex : At pagkatapos?  
アレックス : それが終わったら?

Lusia : Pagkatapos, pupunta ako sa bangko. Magdedeposito ako ng pera, at papapalitan ko ang tseke ko.  
ルシア : それから、銀行に行くのよ。お金をおろして、小切手を現金化するの。

Alex : Uuwi na ba yato pagkagaling sa bangko?  
アレックス : 銀行に行ってきたら家に帰るの？

Lusia : Dadaan tayo sandali sa ospital. Dadalawin natin ang Tiya Salud.  
ルシア : ちょっと病院に寄りましょうよ。サルドおばさんを見舞いましょう。

Sige

Alex : Oo nga pala. Naoperahan nga pala ang Tiya Salud. Sige, payag na ako. Pero pagkagaling sa ospital, uuwi na tayo. Ihahatid ko ang kaibigan ko sa terminal ng bus.

アレックス : そうだったね。サルドおばさんは手術を受けたんだったね。いいよ、そうしよう。でも病院から帰ったら、家に帰ろうね。友達をバスターミナルまで送るんだよ。

Lusia : Isang lugar na lang ang pupuntahan natin bago tayo umuuwi  
ルシア : 家に帰る前にもう一箇所だけ行くところがあるわ。

Alex : Siyanga? Saan?  
アレックス : 本当に？ どこに？

Lusia : Sa restawran, Kaarawan ko ngayon. Ililibre kita sa tanghalian.  
ルシア : レストランよ。今日は私の誕生日なの。お昼をおごるわ。

Alex : Aba, oo nga ano? Maligayang kaarawan, Lusia. Aba, ano pa ang hinihintay natin? Tena.

アレックス : ああ、そうだったね。ルシア、誕生日おめでとう。ああ、何をグズグズしているんだろう。さあ行こうよ。

## 会話 4

Mother was asking Marilou to buy something for her.  
母親はマリロウに自分のための買い物を頼んでいました。

Nanay : Bumili ka ng isang kilong baboy at dalawang kilong baka sa palengke.  
母親 : 市場で豚肉 1 キロと牛肉 2 キロを買ってきて。

Marilou : Opo, Nanay.  
マリロウ : はい、わかりました、おかあさん。

Nanay : Pagkatapos, dumaan ka sa groseri. Bumili ka ng sopas sa lata, arina, at mantika.

母親 : それから、食品雑貨店に寄ってね。スープ缶と小麦粉と油を買ってちょうだい。

Marilou : Nanay, bibili ako ng panregalo sa kaarawan ni Ruth sa department store.  
Unahin ko munang bumili ng panregalo.

マリロウ : おかあさん、デパートでルスの誕生日プレゼントを買います。  
先ずプレゼントを先に買いますね。

Nanay : Siya, sige. Pero huwag kang magtagal. Magluluto ako at pagkatapos, iiwan muna kita rito sa bahay.

母親 : そう、いいわ。でも遅くならないでね。私は料理をして、それから貴方に留守番をしてもらうからね。

Marilou : Saan kayo pupunta?

マリロウ : どこに行くの?

Nanay : Sa punerarya. Ililibing ang ama ng kaibigan ko. Makikipaglibing ako.

母親 : 葬儀場よ。友人の父親の葬式なの。葬儀に参列するのよ。

Marilou : Saan ang libing, Nanay?

マリロウ : お母さん、埋葬はどこでなの?

Nanay : Sa North Cementery.

母親 : ノース霊園だよ。

Marilou : Idadaan pa ba ang libing sa simbahan?

マリロウ : 葬列は教会によるのですか?

Nanay : Oo. Kaya lumakad ka na agad. Pag nakita mo si Ruben sa palaruan, pauwiin mo na.

母親 : そうよ。だから早く行きなさい。公園でルベンに会ったら、家に帰らせてね。

Marilou : Oho.

マリロウ : わかりました。

## 会話練習

1. May bibilihin ako sa (palengke / tindahan / groseri / panaderya / department store / botika).

(市場 / 商店 / 食料雑貨店 / パン屋 / デパート / 薬屋) で買うものがあります。

2. Noong Linggo, nagpunta ang buong pamilya sa (parke / simbahan / sinehan / probinsiya (lalawigan) / lungsod (siyudad) / isang restawran / bahay-bakasyunan / sementeryo).

この前の日曜日に、家族全員が (公園 / 教会 / 映画館 / 田舎 / 都会 / レストラン / 別荘 / 霊園) に行った。

3. Naghatid ng pasahero ang tsuper ng taksi sa (estasyon ng tren / terminal ng bus / airport / piyer / sinehan / otel).

タクシードライバーは乗客を（駅 / バスターミナル / 空港 / 波止場 / 映画館 / ホテル）へ送った。

4. Tumawag kayo agad sa (estasyon ng pulis / estasyon ng bumbero / ospital / punerarya).

早く（警察署 / 消防署 / 病院 / 葬儀場）に電話をください。

5. Napakaraming tao sa (simbahan / bangko / sinehan / sementeryo / palengke (pamilihan) / restawran / estasyon ng bus / tabing-dagat / parke).

（教会 / 銀行 / 映画館 / 霊園 / 市場 / レストラン / バスの停留所 / 海岸 / 公園）には、非常に沢山の人がいます。

6. (Dito / Diyan / Doon) ang daang papunta sa (bukid / gubat / dagat / disyerto / ilog / pataniman ng niyog / pataniman ng tubo / pataniman ng abaka / pataniman ng pinya / pataniman ng kape).

（田んぼ / 森 / 海 / 砂漠 / 川 / 椰子畑 / さとうきび畑 / マニラ麻の畑 / パイナップル畑 / コーヒー畑）へ行く道は（ここ / そこ / あそこ）です。

7. Ituro mo sa akin ang dakong (kanluran / timog / hilaga / silangan).

（西 / 南 / 北 / 東）の方角を私に教えて下さい。

8. Maganda ang (pulong (islang) iyon / bayang iyon / nayong iyon / daigdig / bansang iyon / dalampasigang iyon).

（その島 / その街 / その村 / 地球 / その国 / その海岸）は美しい。

9. Ito ang (paaralan / tindahan / department store / estasyon ng tren / palaruan / palengke (pamilihan) / simbahan / tanggapan ng koreo / panaderya) sa aming purok (distrito).

私達の地域の（学校 / 商店 / デパート / 駅 / 遊び場 / 市場 / 教会 / 郵便局 / パン屋）はこれです。

10. Doon (ang estasyon ng bus / ang estasyon ng bumbero / ang estasyon ng pulis / ang estasyon ng tren).

（バスの停留所 / 消防署 / 警察署 / 駅）はあそこです。

11. (Dito / Diyan / Doon) itatayo ang bagong (simbahan / kapilya / bahay / pagamutan (ospital) / klinika / eskuwela (paaralan) / pamilihan / daungan (piyer) / gusali / groseri / sinehan / gasolinahan).

新しい（教会 / 礼拝堂 / 家 / 病院 / 診療所 / 学校 / 市場 / 栈橋 / 建物 / 食品雑貨店 / 映画館 / ガソリンスタンド）は（ここ / そこ / あそこ）に建てます。

12. Ituro mo sa mapa ang kontinente ng (Asya / Australia / Aprika / Antarctica / Hilagang Amerika / Timog Amerika / Europa).

(アジア / オーストラリア / アフリカ / 南極 / 北アメリカ / 南アメリカ / ヨーロッパ)大陸を地図で教えて下さい。

## 質問と答え

1. Saan ka pupunta? どこに行くの？

Bibili ako ng isda sa palengke. 市場で魚を買うのよ

2. Saan ka nanggalin? どこへ行ってきたの？

Dinalaw ko ang aking kaibigan sa ospital.

病院にいる友達を訪問してきたんだよ。

3. Saan mamamasyal ang mag-anak? あの家族はどこに出かけるの？

Sa parke. 公園へだよ。

4. Gusto mo bang magmeryenda? 間食したいですか？

Oo. Tena sa restawran. はい。レストランに行きましょう。

5. Nagtitinda sila ng sibuyas at kamatis sa tindahan sa kanto?

角のお店では玉ねぎとトマトを売っていますか？

Hindi. いいえ。

6. Saan kayo bumibili ng tinapay para sa almusal araw-araw?

あなた方は毎日の朝食用のパンはどこで買うのですか？

Sa panaderya sa kanto. 角のパン屋さんです。

7. Saan dinala ng ambulansiya ang babaing nasagasaan ng kotse?

車に轢かれた女性は救急車でどこに連れていかれたのですか？

Sa ospital. 病院にです。

8. May pupuntahan ka ba mamayang gabi?

今晚どこかに出かけるの？

Oo. Pupunta ako sa sinehan. はい。映画館に行きます。

9. Saan ibuburol ang lolo ni Cornelio?

コルネリオのお爺さんはどこに埋葬するの？

Sa punerarya. 葬儀場へだよ。

10. Makikipaglibing ka ba? 葬儀には参列するの？

Oo. Tutuloy (dederetso) na ako sa sementeryo.

はい。直接墓地に行きます。

11. Nag-iipon ka ba ng pera, Mario? マリオ、あなた貯金してる？

Oo. Nagdedeposito ako ng pera sa bangko twing suweldo.

はい。給料日毎に銀行に預金しているよ。

12. Saan ninyo sasalubungin ang pinsan mong galing sa Aprika?

アフリカから来る貴方のいとこをどこに迎えに行くの？

Kung bapor ang sinakayan niya, sa piyer kami sasalubong. Kung eroplano naman ang sinakayan niya, susundin namin siya sa airport.

もし船に乗っていれば波止場に迎えに行きます。もし飛行機に乗っていれば空港に迎えに行きます。

13. Saan kayo tutuloy pag nagbakasyon kayo sa Tokyo?

東京にバカンスに行く時はどこに泊まるのですか？

Sa otel. ホテルにです。

14. Saan mo gustong tumira, sa siyudad o sa probinsiya?

都会と田舎ではどちらに住みたいですか？

Gusto kong tumira sa probinsiya. 田舎に住みたいです。

15. Bakit sa probinsiya mo gustong tumira?

どうして貴方は田舎に住みたいのですか？

Mura ang bilihin sa probinsiya. 田舎では買い物が安いからです。

16. Mayaman nga ba ang pamilya Lopez?

ロペス一家は本当に金持ちなんですか？

Oo. May mga plantasyon sila ng niyog, abaka, at tubo.

はい。彼らはココナッツやマニラ麻やサトウキビの農園を持っています。

17. Alin ang pinakamalaking kontinente sa daigdig?

世界で一番大きな大陸はどれですか？

Ang Asya ang pinakamalaking kontinente sa daigdig.

世界で一番大きな大陸はアジアです。

18. Alin ang pinakamaliit na kontinente sa daigdig?

世界で一番小さな大陸はどれですか？

Ang Australia ang pinakamaliit na kontinente sa daigdig.

世界で一番小さな大陸はオーストラリアです。

## お金

1. Magkano ito? これはいくらですか？

2. Siyete pesos. 7 ペソです。

3. Siyete pesos ang isa. 一つ 7 ペソです。

4. Tiglilimang piso. 一つ 5 ペソです。
5. Manalapi. 一つ 50 センタボスです。
6. Mamera. 一つ 1 センタボスです。
7. Wala na bang tawad? 値引きはありませんか?
8. Tumawad kayo. 値引きしてください。
9. Tapat na. 最終価格です。
10. Mahal naman. (価格が)高いですね。
11. Napakamahal naman. (価格が)とても高いですね。
12. Mura ito. これは安いです。
13. Murang-mura ito. これはとても安いです。
14. Heto ang bayad ko. はい、代金です。
15. Heto ang sukli mo. はい、お釣りです。
16. Kuwentahin mo nga kung magkano ang napamili mo.  
私の買い物がいくらなのか計算してください。
17. Malaki ang puhunan ko sa negosyo.  
商売にたくさんの資本を準備しました。
18. Maliit lamang ang tubo ko. 利益は、わずかです。
19. Bili na kayo ang tinda ko.  
いらっしゃいませ。(私の商品をお買いなさい。)
20. Pagbilhan mo nga ako ng isang dosenang itlog.  
1 ダースの卵を買いたいのですが。
21. Ibibigay mo ba sa tawad ko? おまけしてくれませんか?
22. Kunin ninyo. 持って行って。
23. Sandaang piso ang bili ko sa damit na ito.  
この服に 100 ペソかかったよ。
24. Malaki ang suweldo niya. 彼(女)の給料は高い。

25. Buwanan siyang sumusuweldo. 彼(女)の給料は月給制です。
26. Maliit ang suweldo niya. 彼(女)の給料は低い。
27. Arawan siyang sumusuweldo. 彼(女)の給料は日払制です。
28. Lingguhan siyang sumusuweldo. 彼(女)の給料は週給制です。
29. Gumagana siya ng treinta pesos isang araw.  
彼(女)は日に 30 ペソ稼ぎます。
30. Pautangin mo nga ako ng singkuwenta pesos. 50 ペソ貸してください。
31. Pahiramin mo ako ng pera. お金を貸して下さい。
32. Kailan mo babayaran ang utang mo?  
いつ借金の支払いをするのですか?
33. Magbabayad ako ng utang. 借金の支払いをします。(ツケを払います。)
34. Nakaipon ako ng sanlibong piso. 1000 ペソ貯めることができました。
35. Sandaang piso ang nagasta ko. 100 ペソ使いました。

## 会話 1

Fely found her sister in the living room. フェリーは居間で姉を見つけました。

Fely : Nel, may pera ka ba? フェリー : ネル、お金持ってる?

Nel : Wala. ネル : ないわよ。

Fely : Hindi ba't kahapon ang suweldo mo? Dapat marami kang pera.

フェリー : 給料日は昨日でしょう? たくさんお金を持っているはずだわ。

Nel : Nagasta ko na. Wala akong kapera-pera ngayon. Nagbayad ako ng walong daang pisong upa sa bahay.

ネル : 使っちゃったわよ。一銭も持ってないわ。家の家賃の 800 ペソを払っちゃったから。

Fely : Di may natira pa. フェリー : じゃあ、残りがあるでしょ。

Nel : Bumili ako ng bagong sapatos, at bag... at damit.

ネル : 新しい靴とバッグ・・・と洋服を買ったの。

Fely : Magkano ang bili mo sa mga iyon? フェリー : その買い物にいくら使ったの?

Nel : Anim na raan piso. ネル : 500 ペソ。

Fely : Pautang naman ng dalawampung piso. Suweldo namin bukas. Sige na.  
フェリー : 20 ペソ貸してよ。明日、私たちの給料日だから。お願い。

Nel : Dadalawampung piso ang natira sa akin. Pamasaha lang.  
ネル : 20 ペソしか残っていないのよ。バス代だけなの。

Fely : Ipautang mo na sa akin. Babayaran ko bukas talaga. Pangako.  
フェリー : 私に貸してよ。本当に明日返すから。約束するわ。

Nel : Sigrado bang babayaran mo bang bukas? ネル : 本当に明日返してくれるわね?

Fely : Oo. フェリー : ええ。

Nel : Oo, sige. Ipautang ko sa iyo ang dalawampung piso ko.  
ネル : わかったわ。私の 20 ペソを貸してあげるわよ。

## 会話 2

Father announced the good news to the family.  
お父さんは家族に良い知らせを報告しました。

Tatay : Nanalo ako sa loterya. 父 : 宝くじが当たったぞ。

Nanay : Talaga? Magkano? 母 : 本当? いくら当たったの?

Tatay : Sampung libong piso. 父 : 10,000 ペソだよ。

Nanay : Naku, salamat sa Diyos! Kailangan nga natin ng pera para sa matrikula ni Luis.  
母 : まあ、よかったわ! ルイスの入学金が必要だったの。

Tatay : Tuwang-tuwa nga ako. Sana'y sandaang libo na ang napanalunan ko.  
父 : とても嬉しいよ。できれば 100,000 ペソが当選すれば良かったのになあ。

Nanay : Mabuti na iyan sa wala. Ano ba ang unang premyo?  
母 : 無いよりはましよ。一等はいくらなの?

Tatay : Limandaang libong piso. 父 : 500,000 ペソだよ。

Nanay : Akala ko'y isang milyon. 母 : 1,000,000 ペソかと思っていたわ。

Luis : Tatay, masuwerte kayong Talaga. Sa susunod, baka manalo kayo ng limampung libong piso. Makapagtatapos na ako ng abugasya.

ルイス : 本当に幸運だったね、お父さん。次には、たぶん 500,000 ペソの当選かもね。そうすれば、僕は法科を卒業できるよ。

Tatay : Sana nga, anak. 父 : だといいんだがな。

Nanay : Bigyan mo muna ako ng perang pamili bukas.

母 : 先ずは、明日の買い物代をちょうだい。

Tatay : Oo. Heto ang limandaang piso. Tama na ba iyan?

父 : そうだそうだ。はい、500 ペソ。それで十分かい?

Nanay : Sobra pa nga. Marami na akong mabibili nito.

母 : 余っちゃうわよ。(必要以上です。) これでたくさん買うことができるわ。

### 会話 3

Lillian wen to the market. リリアンは、市場に買い物に行きました。

Lillian : Magkano ang isang kilo ng hipon?

リリアン : エビは 1 kg でいくらですか?

Tindera : Nobenta pesos. 店員 : 90 ペソです。

Lillian : Ang mahal naman! リリアン : 高いわねえ!

Tindera : Mura na 'yon. 店員 : 安いですよ。

Lillian : Wala na bang tawad? リリアン : 値引きはなしですか?

Tindera : Tumawad ka. 店員 : いくらにしてほしいの?

Lillian : Setenta pesos na lang. リリアン : 70 ペソにしてください。

Tindera : Malulugi naman ako. Malaki ang puhunan sa hipon, maliit ang tubo.

店員 : 赤字になっちゃうわ。エビには大きな投資をしたのに、利益は小さいわね。

Lillian : Ibibigay mo ba sa tawad ko?

リリアン : 値引きはしていただけるの?

Tindera : Kunin mo sa otsenta ang isang kiro.

店員 : 1kg80 ペソで持って行っていいわ。

Lillian : Bigyan mo ako ng dalawang kilo. Magkano naman ang kilo ng bangus?

リリアン : 2kg ください。バゴスは 1 kg いくらですか?

Tindera : Kuwenta pesos, tapat na.

店員 : 値引きできないけど、40 ペソよ。

Lillian : Bigyan mo ako ng limang kilo. Pakikuwenta mo nga ang napamili ko.

リリアン : 5 kg ください。買った物のお勘定をお願いします。

Tindera : Tres siyentos sisenta lahat. 店員 : 全部で 360 ペソになります。

Lillian : Heto ang bayad ko. リリアン : はい、支払いです。

Tindera : Kuwatro siyentos ang ibinigay mo sa akin. Heto ang kuwarenta pesos na sukli. 店員 : 400 ペソを頂きましたから、40 ペソのお釣りです。

Lillian : Salamat. リリアン : ありがとう。

Tindera : Salamat din.

店員 : こちらこそ、ありがとうございました。

## 会話 4

Pol was talking with his best friend Jun about his new job.

ポールは彼の親友のジュンと彼の新しい仕事について話してました。

Pol : Malaki ang suweldo ko sa trabahong ito. Dati, gumagana ako ng beinte pesos isang oras. Ngayon, gumagana ako ng kuwarenta pesos sa isang oras.

ポール : この仕事は給料が高いよ。以前は、時給 20 ペソの稼ぎだったけど、今は、時給 40 ペソを稼げるんだ。

Jun : Aba magaling. Arawan ba, lingguhan, o buwanan ang suweldo mo?

ジュン : そりゃすごい。日給? 週休? それとも、月給なの?

Pol : Dati lingguhan. Ngayon buwanan na.

ポール : 以前は週休。今は月給だよ。

Jun : Ang suwerte mong talaga. Ako naman, maliit na ang suweldo ko, arawan pa. Naghahanap ako ng trabahong mabuti-buti ang suweldo.

ジュン : 君は本当に幸運だなあ。僕なんか、給料が安いんだよ、日給だしね。もう少し給料のいい仕事を探しているんだ。

Pol : May bakante pa sa kompanya namin. Tulad ng trabaho ko. Bakit hindi ka magprisinta? Irerekomenda kita.

ポール : うちの会社に空きがあるよ。僕と同じ仕事さ。申し込んだらいいのに。君を推薦してあげるよ。

Jun : Hindi ka ba nagbibiro, pol?

ジュン : 冗談を言っているんじゃないよね、ポール。

Pol : Hindi. Pero mag-uumpisa ka muna sa treinta pesos isang oras. Magiging kuwarenta pesos pagkaraan ng tatlong buwan.

ポール : 冗談で言っているんじゃないよ。でも、先ずは時給 30 ペソから始まるんだよ。3 ヶ月経てば時給 40 ペソになるから。

Jun : Sa wakas, makakaipon na rin ako ng pera!

ジュン : やっとお金を貯めることができるぞ!

Pol : Hindi lang 'yan. Makagagasta na rin tayo ng maraming pera sa wakas!

ポール : それだけじゃないさ。ついに、お金をたくさん使うこともできるんだよ!

## 会話練習

1.

(Beinte singko / Otsenta / Singkuwenta / Disisais / Onse / Setenta) pesos ang pera ko. (25 / 80 / 50 / 16 / 11 / 70) ペソ持っています。

2.

Pautang naman ng (dalawang / sampung / limang / tatlong daan / apat na raang / dalawampung / pitumpung / tatlumpu't walong / animnapu't dalawang) piso. (2 / 10 / 5 / 300 / 400 / 20 / 70 / 38 / 62) ペソ貸してください。

3.

Gumagana si Fedel ng (dose / beinte / treinta / treinta y siete / kuwarenta / singkuwenta / trese / katorse / disisiyete / disiotso / beinte tres / beinte uno) pesos isang oras. フェデルは時給 (12 / 20 / 30 / 37 / 40 / 50 / 13 / 15 / 17 / 18 / 23 / 21) ペソ稼いでいる。

4.

(Kinyentos / Otso siyentos / Siyete siyentos / Sais siyentos singkuwenta / Otso siyentos singkuwenta / Kuwatro siyentos setenta y singko) pesos ang upa rito sa isang buwan. ここを借りるのに、一ヵ月 (500 / 800 / 700 / 650 / 850 / 475) ペソかかります。

5.

(Limampu't limang / Sandaang / Siyamnapung / Walumpu't limang / Apatnapu't walong / Sandaan at labinlimang / Pitumpu't limang / Animnapu't siyam na / Tatlumpu't walong / Dalawampu't siyam na) piso ang bili ni Lorna ryan.

ロルナはそれで(55 / 100 / 90 / 85 / 48 / 115 / 75 / 69 / 38 / 29)ペソの買い物をしました。

6.

(Sisingko sentimos / Pipiso / Dadalawang piso / Lilimang piso / Iisampera / Tatatlong piso / Sasampung piso / Aapat na piso) ang laman ng alkansiya.

貯金箱の中身は、たった(5 センティモス / 1 ペソ / 2 ペソ / 5 ペソ / 1 センティモス / 3 ペソ / 10 ペソ / 4 ペソ)です。

7.

(Siyento singkuwenta / Dos siyentos / Tres siyentos singkuwenta / Kuwatro siyentos / Sais siyentos diyas / Dos siyentos singkuwenta) pesos ang presyo ng mga ito.

これらの定価は、(150 / 200 / 350 / 400 / 610 / 250 / )ペソです。

8.

Nakaipon ako ng (apat na raang piso / kuwatro siyentos / sanlibo't limandaang piso / mil kinyentospesos / anim na libong piso / sais mil pesos / dalawang daan at limampung piso / dos siyentos singkuwenta pesos / pitong daan piso / siyete siyentos pesos / sanlibo't siyam na raang piso / mil nuwebe siyentos oesos / anim na raang piso / sais siyentos pesos / apatnaraang piso / kuwarenta pesos) .

(400 / 400 / 1500 / 1500 / 6000 / 6000 / 250 / 250 / 700 / 700 / 1900 / 1900 / 600 / 600 / 400 / 400) ペソ貯金できました。

9.

Sino ang nanalo ng (limandaang / limang libong / sampung libong / limandaang libong / isang milyong / sanlibong / dalawandaang libong / tatlong daang / apat na libong / dalawampung libong) piso?

誰が(500 / 5000 / 10000 / 500000 / )ペソの当選したの?

10.

(Tatlong sentimos / Diyos sentimos / Beinte singko sentimos / Sansalapi / Kinse sentimos / Setenta sentimos / Beinte sentimos / Treinta se timos / Nobenta sentimos / Otsenta y singko / Treinta y singko / Setenta y singko) ang barya ko sa bulsa.

ポケットにある小銭は(3 センティモス / 10 センティモス / 25 センティモス / 1 センティモス / 15 センティモス / 70 センティモス / 20 センティモス / 30 センティモス / 90 センティモス / 85 センティモス / 35 センティモス / 75 センティモス)です。

## 質問と答え

1. May pera ka ba? お金持ってる?  
Oo, may pera ako. ああ、持ってるよ。
2. Magkano ang pera mo? いくらあるの?  
Kinse pesos. 15 ペソあるよ。
3. Ikaw, may pera ka ba? 君はお金を持ってるの?  
Wala akong kapera-pera.  
一銭も持っていないよ。(50 センタボスも持っていないです。)
4. Kailangan mo ba ng pera? お金が必要ですか?  
Oo. はい。
5. Gusto mo bang pautangin kita? お金を貸してあげようか?  
Sige. お願い。
6. Bakit, marami ka bang pera?  
どうしてたくさんお金を持ってるの?  
Marami akong pera ngayon.  
今日はお金持なの。(今日はたくさんお金を持っているんだ。)
7. Mapapautang mo ba ako ng dalawampung piso?  
20 ペソ貸してもらえる?(20 ペソを私に貸すことができますか?)  
Oo, pauutangin kita ng dalawampung piso.  
ああ、20 ペソ貸してあげるよ。
8. Kailang ko babayaran? いつ支払えばいい?  
Sa susunod na suweldo, sa a kinse ng buwang ito.  
次の給料日、今月の 15 日に。
9. Maaari bang sa katapusan na ng buwan ko bayaran?  
支払うのは月末でもいい?  
Aleglado. いいとも。
10. Mamimili ka ba mamaya? あとで買い物に行くの?  
Oo, mamimili ako mamayang hapon.  
うん、今日の午後に買い物に行くよ。
11. Sasama ka ba sa akin? 一緒に行く?  
Oo, sasama ako sa iyo.  
はい、お供します。(はい、あなたと一緒にいきます。)

## 人々を指す用語

1. Nabubuhay sa daigdig ang mga tao.  
人々は地球に住んでいる。
2. Mga mamamayan ng iba't ibang bansa ang mga tao.  
人々はいろいろな国の国民です。
3. Nagiging ama ng tahanan / padre de pamilya ang mga lalaki.  
男は家族の長になる。
4. Nagiging ina ng tahanan / madre de pamilya ang mga babae.  
女は家族の主婦になります。
5. Nagluwal / Nagsilang ng sanggol / Nanganak ang babae.  
女性は子供を生む。
6. Namatay ang matandang lalaki.  
年配の男性が亡くなりました。
7. Nagkasakit ang matandang babae.  
年配の女性が病気になりました。
8. Babaing walang asawa ang isang dalaga.  
独身女性には夫がいません。
9. Lalaking walang asawa ang isang binata.  
独身男性には妻がいません。
10. Panawag sa isang lalaki ang Ginoo (G.) o Mister (Mr.).  
男性を呼ぶには Ginoo または Mister が使われます。
11. Panawag sa babaeng may asawa ang Ginang (Gng.) o Misis (Mrs.).  
既婚の女性を呼ぶには Ginang または Misi が使われます。
12. Maaaring babae o lalaki ang isang bata.  
子供は女の子や男の子である可能性があります。
13. Biyuda / Balo ang babaing namatay na ang asawa.  
未亡人は夫をなくした女性です。
14. Biyudo ang tawag sa lalaking namatay na ang asawa.  
男やもめは妻をなくした男性です。
15. Taong pinagkakatiwalaan ang isang kaibigan.  
友達は信用のおける人です。

16. Maaaring hindi kaibigan ang kakilala.  
知り合いは友達ではないかもしれない。
17. Kaaway ang kalaban. 喧嘩相手は敵である。
18. kamag-aral / Kaeskuwela ang estudyanteng pumapasok sa eskuwelang pinapasukan mo rin.  
学友は君が通っている学校に通っている学生である。
19. Maaaring kaibigan mo ang kalaro mo.  
君の遊び仲間は君の友達かもしれない。
20. Kakilala mo ang kasama mo. 君の同行者は君の知人である。
21. Ikaw at ang mga kababayan mo ay maaaring magkakalahi.  
貴方と貴方の同郷の人は同族である可能性がある。
22. Nakatira sa katabing bahay ang kapitbahay mo.  
君の家の横に住んでいるのは君の隣人である。
23. Ang panauhin o bisita ay taong dumadalaw o bumibisita.  
来客者又は訪問者は訪問する人又は客として滞在する人である。
24. Isang manlalakbay ang turista. 旅行者は旅をする。
25. Mamamayan ng ibang bansa ang dayuhan.  
外国人は別の国の住民である。

## 会話 1

Vida and Celia were exchanging news.

ビーダとセリアが井戸端会議をしていました。

Vida : Natatandaan mo ba ang kababayan nating si Isa?

ビーダ : 私達の同郷のイサさんを覚えてる?

Celia : Oo. Bakit, may balita ka ba tungkol sa kaniya? Limang taon ko na hindi nakikita. セリア : ええ、どうして? 彼女の噂を聞いているの? もう5年もあってないわ。

Vida : Biyuda na si Isa. ビーダ : イサはもう未亡人なのよ。

Celia : Ha? Bakit, Nag-asawa ba si Isa? Akala ko'y dalaga pa siya.

セリア : 何ですって? どうして? 彼女、結婚したの? まだ独身だと思っていたわ。

Vida : Naku, Celia, lagi kang huli sa balita. Nag-asawa noon isang taon si Isa.

ビーダ : まったく、セリアったら、いつも情報に疎いんだから。(いつも情報に乗り遅れているんだから。) イサは去年結婚したのよ。

Celia : Ganoon ba? セリア : そうなの?

Vida : Oo. Pero namatay noon isang buwan ang asawa niya.

ビーダ : そうよ。でも先月旦那さんが亡くなってしまったの。

Celia : Kaawa-awang Isa! セリア : 可哀想なイサ!

Vida : Alam mo bang biyudo ang napangasawa niya?

ビーダ : 彼女が男やもめと結婚したことを知ってる?

Celia : Hindi binata? セリア : 独身男性じゃないの?

Vida : Hindi. Pero mabait na tao. Maligayang-maligaya silang mag-asawa.

ビーダ : いいえ。でも優しい男性よ。彼女ら夫婦はとっても幸せよ。

Celia : Talagang ganiyan ang buhay. Pag may ligaya, may lungkot.

セリア : ホントそれが人生ね。山あり谷ありだわ。(もし幸せがあれば、悲しみもあるわね。)

## 会話 2

Vito visited his uncle Tomas. ヴイトはトーマスおじさんを訪問しました。

Vito : Magandang hapon, Tiyo. Kumusta kayo?

ヴィト : おじさん、こんにちは。ご機嫌いかがですか?

Tiyo Tomas : Mabuti. Kung niapaaga ka na dating, nakilala mo sana ang mga bisita ko. Kaaalis lang nila.

叔父トーマス : 元気だよ。もう少し早く到着すれば、私の客に会えたのになあ。彼らは先程出発してしまったよ。(彼らは出発したばかりだよ。)

Vito : Sino ba ang mga bisita ninyo?

ヴィト : どなたがお客さんだったんですか?

Tiyo Tomas : Dalawang turistang Hapon.

叔父トーマス : 二人の日本人旅行者だよ。

Vito : Aba, mga dayuhan! ヴイト : わあ、外国人なんだ!

Tiyo Tomas : Mga kaibigan ko. Kasama ko noon naglakbay ako sa Asya. Mababait sila. 叔父トーマス : 私の友人たちだよ。以前アジア旅行をした時の同行

者なんだ。彼らは優しいよ。

Vito : Magaganda ba sila, Tiyo?

ヴィト : おじさん、彼女達は美人なんですか？

Tiyo Tomas : Vito, dalawang lalaki ang bisita ko, hindi mga babae. At matatandang lalaki. Kasinedad ko.

叔父トーマス : ヴィト、お客は男性二人だよ、女性じゃないよ。それも年配者だ。私と同年代だよ。

Vito : Tiyo, dadalaw ako rito sa susunod na Linggo. May ipakilala ako sa inyo.

ヴィト : おじさん、次の日曜日にまたここに来ます。紹介したい人がいるんです。

Tiyo Tomas : Siyanga ba? 叔父トーマス : そうなのか？

Vito : Ipakikilala ko sa inyo ang nobya ko. May hihingin kaming pabor sa inyo.

ヴィト : 私の恋人を紹介します。私達は貴方にお問い合わせがあるんです。

Tiyo Tomas : Anong pabor? Sabihin mo lang.

叔父トーマス : お願いかい？ 言ってごらん。

Vito : Kukunin namin kayong ninong sa kasal.

ヴィト : 私達は貴方に結婚式の教父になってもらいたいのです。

Tiyo Tomas : Sa lahat ng oras! 叔父トーマス : いつでもどうぞ。

### 会話 3

Marry and Olly were looking at old high school pictures.

マリーとオリーは高校の古い写真を見ていました。

Marry : Ang babata natin sa litrato, ano?

マリー : 私達写真ではなんて若いのかしら！

Olly : Tingnan mo sina Vic at Vicky. Ang tataba nila.

At magkamukhang-magkamukha!

オリー : ヴィックとビッキーを見て。なんて太っているのかしら。

二人ともそっくりね。

Marry : Oo nga. Pero sa litrato, akala mo pareho silang lalaki. At si Rhoda, talagang maganda siya. Pagmasdan mong mabuti.

マリー : 本当にね。でも、写真では二人共男の子みたいでしょ。それとローダは本当に綺麗だわ。もっとよく見て。

Olly : Matalik kong kaibigan si Rhoda noon mga tinedyer pa tayo. Kasama kong lagi sa lahat ng lakaran. At noon bata pa kami, kalaro ko siya.

オリー : 十代の頃ローダは私の親友だったのよ。いつも外出の時は一緒だったわ。そして幼い頃は彼女は私の遊び友達だったの。

Marry : Paano'y magkapitbahay kayo.

マリー : お隣さん同士だったからよね。

Olly : Matagal din namin silang kapitbahay. Lumipat sila noong mag-asawa si Rhoda. オリー : 長いこと彼女のお隣さんだったわ。ローダが結婚した時に彼らは引っ越したの。

Marry : Tingnan pa natin ang ibang litrato. Ilalabas ko ang mga album.

マリー : 他の写真も見ましょうよ。アルバムを出すわね。

Olly : Sige. Pag ganitong matatanda na tayo, kailangang paminsan-minsan, makita natin ang sarili natin noong bata pa tayo. Kahit sa litrato lang.

オリー : いいわね。この歳になると、たまには、自分の若い頃と出会うことが必要ね。たとえそれが写真の上だけでもね。

#### 会話 4

Cris was selling sampaguita garlands in the town plaza.

クリスは町の広場でサンパギータの花飾りを売っていました。

Cris : Mama, ale, bili na kayo ng sampaguita.

クリス : お兄さん、お姉さん、サンパギータはいかが？

(サンパギータを買って下さい。)

Mrs. Luna : Bata magkakano ang kuwintas ng sampaguita.

ルナ婦人 : お城ちゃんサンパギータの首飾りはおいくら？

Cris : Limang piso ho. Bili na kayo.

クリス : 5 ペソです。買って下さい。

Mrs. Luna : Parang kilala kita. Ano ang pangalan mo?

ルナ婦人 : どこか出会ったことあるみたいね。(あなた、私の知り合いみたいね。) お名前はなんですか？

Cris : Cris po. クリス : クリスです。

Mrs. Luna : Ikaw ang bibilihan ng sampaguita ni Mr. Luna.

ルナ婦人 : ルナ氏がサンパギータを買うのは貴方からね。

Cris : Ako nga ho. At sa akin din bumibili ng sampaguita si MissLuna.

クリス：ルナお嬢さんがサンパギータを買うのも私からです。

Mrs, Luna : Ako si Mrs. Luna. Asawko si Mr. Luna at anak ko si Barbara, si Miss Luna. ルナ婦人：私はルナ婦人よ。ルナ氏は私の夫でルナお嬢さんは私の子供のバルバラよ。

Cris : Kayo pala. Kumusta kayo, Mrs. Luna?

クリス：あなただったんですね。ご機嫌いかがですか、ルナ婦人？

Mrs, Luna : Mabuti. Kanina pa kita hinahanap. Maraming kuwintas ng sampaguita ang kailangan ko. ルナ婦人：元気よ。さっきから貴方を探していたの。サンパギータの首飾りがたくさん必要なのよ。

Cris : Naku, salamat ho!

クリス：あら、ありがとうございます。

Mrs, Luna : Walang anumang. Magkanong lahat ang tinda mong sampaguita?

ルナ婦人： どういたしまして。貴方の売っているサンパギータは全部でおいくら？

Cris : Dalawang daang piso ho. クリス：200 ペソです。

Mrs, Luna : Bibilihin kong lahat. ルナ婦人：全部頂くわ。

## 会話練習

1. (Kilala ko / Kamag-anak ko / Isang dayuhan / Turista / Kalaro ni Nestor / Kapatid ni Ana / Pinsan namin / Kapitnahay nila / Kasama ng tatay) (ang taong iyon / si Rosa / ang tiya Salud / ang lalaki / ang bata / ang biyuda / ang bisita / si Bernardo / ang sanggol / si Mang Siano).

(あの人 / ローザ / サルドおばさん / あの男性 / あの子供 / あの未亡人 / あの訪問者 / ベルナルド / あの赤ん坊 / マン・シアーノ) は (私の知り合い / 私の親戚 / 外国人 / 旅行者 / ネストールの遊び仲間 / アナの兄弟・姉妹 / 私達のいところ / 彼らの隣人 / 父の仲間) です。

2. (Isang babae / Isang biyuda / Isang binibini / Isang ina / Isang ginang / Pilipina / Dalaga pa) (si Eva / si Consolacion / ang babae / ang matanda / si Aling Nena / ang pinsan ko / si Ester / ang ninang ko / ang dayuhan).

(エバ / コンソレーション / その女性 / その年配者 / ネナおばさん / 私のいところ / エステル / 私の教母 / その外国人) は (女性 / 未亡人 / お嬢さん / 母親 / 淑女 / フィリピン女性 / 未婚女性) です。

3. (Isang lalaki / Isang biyudo / Isang ama / Isang ginoo / Isang matanda / Binata pa / Pilipino) (si Felix / ang mama / ang tindero / si Mang Pete / ang ninong ko / ang Tiyo Sosimo / ang kapatid ko).

(フェリックス / そのお兄さん / その販売業者 / ペテさん / 私の教父 / ソシモおじさん / 私の兄弟) は (男性 / 男やもめ / 父親 / 紳士 / 年配者 / 未婚男性 / フィリピン男性) です。

4. Sinu-sino sa inyo ang (magkakalaro / magkakakilala / magkakaibigan / magkakasama / magkakapitbahay / magkakababayan / magkakamag-anak).

あなた方のうち誰と誰が (遊び友達同士 / 互いに知人同士 / 友人同士 / 仲間同士 / 隣人同士 / 同郷者同士 / 親戚同士) なのですか？

5. (Mag-asawa / Magkakilala / Magkaibigan / Magkababayan / Magkaklase / Magkapatid / Magnobyong / Magkatipan) (ang ginoo at ninang / ang matandang lalaki at matandang babae / ang biyudo at biyuda / ang binata't dalaga / ang batang lalaki at babae / ang mama at ale / ang lalaki at babae).

(その紳士と淑女 / その年配男性と年配女性 / その男やもめと未亡人 / その独身男性と独身女性 / その少年と少女 / そのお兄さんとお姉さん / その男性と女性) は (夫婦 / 知人同士 / 友達同士 / 同郷者同士 / 同級生 / 兄弟姉妹 / 婚約者同士 / 恋人同士) です。

6. (Sama-sama / Pangkat-pangkat) (ang mga bata / ang mga lalaki / ang mga babae / ang matatanda / ang mga dalaga / ang mga binata / ang mga mag-asawa / ang mga tao).

(こども達 / 男達 / 女達 / 年配者達 / 独身女性達 / 独身男性達 / 複数の夫婦 / 人々) は (協力しあって / それぞれ区別されて) いる。

## 質問と答え

1. Anu-ano ang mga kasarian ng tao?

その人たちの性別は何ですか？

2. Maaaring mga lalaki o babae ang mga tao.

その人たちは男性又は女性の可能性があります。

3. Ano ang tawag sa mga taong hindi pa husto ang gulang? Mga bata.

まだ十分に大人でない人達をなんと言いますか？ 子供達です。

4. Ano ang tawag sa bagong ipinanganak? Sanggol.

新生児を何と言いますか？ 赤ん坊です。

5. Ano ang tawag sa babaing may mga anak? Ina.

子供をもつ女性を何と言いますか？ 母親です。

6. Ano ang tawag sa lalaking may anak? Ama.

子供をもつ男性のことを何と言いますか？ 父親です。

7. Ano ang dinaglat na panawag sa mga lalaki?

G, (daglat ng Ginoo), Mr. (daglat ng Mister).

男性の略称は何ですか？ G, (Ginoo の略), Mr. (Mister の略) です。

8. Ano ang dinaglat na panawag sa mga dalaga?

Bb. (daglat ng Binibini).

独身女性の略称は何ですか？ Bb. (Binibini の略) です。

9. Ano ang dinaglat na panawag sa mga babaing may asawa?

Gng. (daglat ng Ginang).

既婚女性の略称は何ですか？ Gng. (Ginang の略) です。

10. Kaibigan mo ba ang kasama mo? Oo. Kaibigan ko an kasama ko.

一緒にいる方は貴方の友達ですか？ はい、連れは友人です。

11. Maaari bang mag-asawang muli ang biyudo o biyuda?

Oo. Patay na ang asawa ng biyudo o biyuda kaya maaari siyang mag-asawang muli,

男やもめや未亡人は再婚することができますか？

はい、男やもめや未亡人は伴侶が亡くなってしまったのですから再婚することができます。

12. Kakilala mo ba si Delia Dizon?

Oo. Kaklase, kaibigan, at kapitbahay ko pa si Delia.

デリア・ディソンを知っていますか？

はい、デリアは同級生で、友人で、隣人でもあります。

13. Sino ang bisita / panauhin ninyo? Isang Amerikanong turista?

訪問者 / 来客者は誰ですか？ アメリカ人旅行者です。

14. Nasakop na ba ng mga dayuhan ang Pilipinas?

Oo. Kung ilang ulit nang nasakop ng mga dayuhan ang Pilipinas.

フィリピンは外国人たちに侵略されたことがありますか？

はい、フィリピンは何度も外国人たちに侵略されたことがあります。

15. Sinu-sino ang mga kababayan mo?

Kababayan kong lahat ang mga Pilipino.

誰と誰が貴方の同郷人ですか？

すべてのフィリピン人が私の同郷人です。

16. Sinu-sino ang mga mamamayan ng daigdig / mundo?

Lahat ng tao ay mamamayan ng daigdig / mundo.

誰と誰が地球 / 世界の住民ですか？

全人類が地球 / 世界の住民です。

## 人の職業・仕事

1. Nagtuturo sa eskuwela ang guro (maestra).  
先生は、学校で教えます。
2. Nagtuturo sa korehiyo o unibersidad ang propesor.  
教授は、単科大学又は総合大学で教えます。
3. Gumagamot sa mga maysakit ang doktor.  
医者は、病人を治療します。
4. Umooopera sa pasyente ang sirhano,  
外科医は、患者を手術します。
5. Nag-aalaga ng mga maysakit ang nars.  
看護婦は、病人を看護します。
6. Naghahanda ng gamot na nasa reseta ng doktor ang parmasiyutika (parmasiyutiko). 薬剤師は、医者の処方箋にある薬を調合します。(準備します。)
7. Marunong sa batas ang abogado (manananggol).  
弁護士は、法律に精通しています。
8. Nagpaplano at gumagawa ng mga makina, daan, at tulay ang inhinyero.  
技術者は、機械や道路や橋を設計（計画）し作ります。
9. Gumagawa ng mga plano ng mga gusali ang arkitekto.  
建築家は、建物の計画を作ります。(設計します。)
10. Mahusay gumawa ng rekord sa pananalapi ang akawntant.  
会計士は、財務記録の作成が上手です。
11. Gumagawa ng maraming eksperimento ang siyentipiko.  
科学者は、たくさんの実験を行います。
12. Sumusuri at nagbibigay ng sentensiya (hatol) sa isang kaso sa hukuman ang hukom. 裁判官は、裁判所で尋問し事件の判決を下します。
13. Gumuguhit ng mga larawan ng tao, hayop, bagay, mga tanawin, at mga pangyayari ang pintor. 画家は、人の肖像や動物や物や風景や出来事を描きます。
14. Gumagawa ng mga rebulto ang eskultor.  
彫刻家は、彫像をつくります。

15. Tumutunog ng iba't ibang instrumento sa musika ang musikero.  
音楽家は、様々な楽器を演奏します。(鳴らします。)
16. Sumusulat ng mga artikulo, maiikling kuwento, at mga nobela ang manunulat.  
文筆家は、記事や短編物語や小説を書きます。
17. Nagmamakinilya ng mga sulat at report para sa presidente ng kompanya ang sekretarya. 秘書は、会社の社長のために手紙や報告書をタイプします。
18. Lumalabas sa pelikula at telebisyon ang artista.  
俳優は、映画やテレビに出演します。
19. kumukuha ng litrato ang litratista.  
写真家は、写真を撮ります
20. Nagpadala ng mahalagang balita sa diyaryo ang reporter.  
記者は、新聞で大事なニュースを配信します。
21. Gumuguhit ng mga kartun ang dibuhista.  
イラストレーターは、漫画を描きます。
22. Pumapatay ng sunog ang mga bumbero.  
消防士達は、火事を消火します。
23. Inaresto ng pulis ang magnanakaw.  
その泥棒は、警察に逮捕されました。
24. Mahusay ang takbo ng negosyo ng negosyante (mangangalakal).  
ビジネスマンの交渉は上手です。
25. Nagmimisa ang pari. 神父は、ミサを行います。
26. Nagsesermon sa kapilya ang ministro.  
牧師は、その礼拝所で説教を行います。
27. Kumakandidato ang plitiko para senador.  
その政治家は、上院議員の候補者です。
28. Nagpapalipad ng eroplano ang piloto.  
パイロットは、飛行機を飛ばします。
29. Dumaong na ang barko ng marino.  
海軍の船はもうドックに入れました。
30. Namatay sa giyera (digmaan) ang sundalo (kawal).

兵士は、戦争で亡くなりました。

31. Modelo si Betty ng isang kilalang kompanya ng kosmetiko.  
ベティーは、ある有名な化粧品会社のモデルです。

32. Nasa loob na ng sasakyang pangkalawakan ang astronot.  
宇宙飛行士は、もう宇宙船の中にいます。

33. Ginagawa ng tubero ang sirang tubo ng tubig.  
壊れた水道管は、配管工が直します。

34. Ginagawa ng elektrisyan ang mga ilaw.  
電灯は、電気技師が取り付けます。

35. Gumagawa ng masasarap na biskuwit ang panadero.  
そのパン職人は美味しいビスケットを作ります。

36. Naghahakot ng basura ang mga basurero tuwing Lunes.  
ごみ収集人達は毎週月曜日にゴミを運びます。

37. Nililinis ng mga kaminero ang makalat na kalye.  
その散らかった街路は、道路清掃人たちが掃除します。

38. Sinuklian ako ng tindera.  
私に販売委員はお釣りを渡した。

39. Nagpaayos ako ng buhok sa mangungulot.  
私は髪の毛をパーマ屋さんで整えてもらいました。

40. Dinala ko sa sapatero ang sira kong sapatos.  
私の壊れた靴を靴屋さんに持って行きました。

41. Bumili ako ng kuwintas at hikaw sa alahero.  
私は、宝石屋でネックレスとイヤリングを買いました。

## 会話 1

The fiftieth wedding anniversary of Mr. and Mrs. Salvador was drawing near.  
サルバドル夫妻の結婚 50 周年が近づいていました。

Mrs. Salvador : Limampung taon na tayong kasal sa isang buwan.  
サルバドル夫人 : 一ヶ月後には私達の結婚も 50 年ね。

Mr. Salvador : Oo nga. Parang kahapon lang, ano?  
サルバドル氏 : そうだね。まるで昨日のことのようだね？

Mrs. Salvador : Oo. Matanda na tayo. May sariling mga pamilya na ang pitong anak natin. サルバドール夫人：そうね。私達も年をとったわね。私達の7人の子供達ももうそれぞれの家庭を持っているわ。

Mr. Salvador : Labinlima ang apo natin.  
サルバドール氏：孫も15人だね。

Mrs. Salvador : Hindi ko halos mapaniwalaang mahuhusay na propesyon ang pinili ng mga anak natin. サルバドール夫人：私達の子供達が選んだ素晴らしい職業を信じられないほどだわ。

Mr. Salvador : Isang hukom ang panganay natin si Fernando. Isang dalubhasang siruhano naman ang bunso natin si Teddy.  
サルバドール氏：長男のフェルナンドは裁判官。末っ子のテディーは腕のいい外科医だものな。

Mrs. Salvador : Nagmana sa iyo, mahusay na doktor.  
サルバドール夫人：優秀な医者の方々に似たのよ。

Mr. Salvador : At nagmana naman sa iyo si Nancy, mahusay na nars.  
サルバドール氏：そして優秀な看護婦のナンシーは君に似たんだよ。

Mrs. Salvador : Kilalang arkitekto si Arsenio, propesora sa unibersidad si Diana, at inhinyero naman si Julio.  
サルバドール夫人：アルセニオは有名な建築家、ディアナは大学の教授、そしてフリオは技師なのよね。

Mr. Salvador : At isang pari ang ating Miguel.  
サルバドール氏：そして私達のミゲルは神父さんだね。

Mrs. Salvador : Matagumpay ang pito nating anak.  
サルバドール夫人：私達の7人の子供達は成功を収めたわね。

## 会話 2

Lourdes was planning to attend a high school reunion. She was convincing Nita to come. ロウルデスは高校の同窓会に出席する計画をしていました。彼女はニタに来るように説得をしていました。

Lourdes : Sumama ka na sa akin, Nita. Hindi ka ba nasasabik makita ang mga dati nating kaklase? ロウルデス：ニタ、私と一緒にいきましょうよ。昔の私達のクラスメートに会いたくないの？

Nita : May lakad ako sa Linggo.  
ニタ：日曜日には予定があるのよ。

Lourdes : Alam mo bang dadalo si Pepito Gomez? Bantog na artista na siya sa pelikula. At si Perla Rivera, mang-aawit sa telebisyon. Dadalo rin si Vida, modelo siya. Mga kilala sila ng publiko. Pero sa atin, mga kaklase pa rin sila noon nasa mataas na paaralan tayo. Sabik naman silang makita at makabalitaan tayo.

ロウルデス : ペピート・ゴメスが出席するって知ってる？彼は映画で有名な俳優よ。あと、テレビで歌っているペルラ・リベラ。ビーダも出席するわ、彼はモデルよ。彼らは一般には有名だわ。でも私達にとっては、彼らはいまだに私達が以前在籍した高校のクラスメートだわ。彼らに会って近況報告をし合いたいわよねえ。

Nita : Kung sa bagay, gusto kong makita si Mona. Manunulat at reporter siya sa magasin. At si Danilo, mahusay na litratista, pintor, at dibuhista.

ニタ : 実を言えば、モナに会いたいなのよ。彼女は雑誌の記者でレポーターなのよ。それと、素晴らしい写真家で画家でイラストレーターのダニーロね。

Lourdes : Gusto ka rin nilang makita, Nita. Baka nalimutan mo nang isa kang hukom na babae bayan nating.

ロウルデス : ニタ、貴方に彼らも会いたいわよ。たぶん貴方が私達の国の女性裁判官だということを貴方は忘れてしまったのね。

Nita : Lourdes, huwag mong kalimutang batikang abogado ka. Pero tigilan na natin ang purihan. Pumunta na tayo sa reunion.

ニタ : ロウルデス、貴方が有名な弁護士だということを忘れてはいけないわ。でも、褒め合うのは止めましょうよ。同窓会に行きましょう。

### 会話 3

The school guidance counselor was talking to Delfin.

学校の進路指導員がデルフィンと話していました。

Tagapayo : Ano, Delfin, naisip mo na ba kung anong kurso ang kukunin mo?

指導員 : えーと、デルフィン、何のコースを取得するのかをもう考えていますか？

Delfin : Marami akong ambisyon sa buhay. Gusto kong maging piloto. Gusto ko rin maging isang reporter, manunulat, inhinyero, at matagumpay na negosyante kaparis ng tatay ko.

デルフィン : 僕は人生の野望をたくさん持っています。パイロットになりたいです。レポーターにも、記者にも、エンジニアにも、父と同じように成功を収めたビジネスマンにもなりたいです。

Tagapayo : Mabuti ang maging ambisyoso, Delfin. Pero pumili ka ng isang kurso.

Hindi maaaring sabay-sabay mong kukunin ang maraming kurso.

指導員：デルフィン、野心家になることはいいことよ。でも一つのコースを選びなさい。たくさんのコースをいっぺんに選ぶことは出来ないのよ。

Delfin : Iyan din ang sabi ng tatay ko. Alam ninyo, isa siyang akawntant. Nagtapos siya ng komersiyo. Limang taon siyang akawntant sa isang kompanya. Pagkatapos, nagtayo siya ng sariling negosyo. Matatag na ang negosyo niya ngayon. Pero nag-aaral pa rin ang tatay ko. Kumukuha siya ng abugasya. Ibig niyang maging abogado muna, bago maging piskal, at kung posible ay maging hukom.

デルフィン：僕の父が言っていたのもそれと同じです。知っていますか？彼は会計士なんです。彼は商業科をでています。彼は5年間ある会社の会計士でした。それから、彼は自分で商売を起こしました。彼の商売は今ではもう確固としたものになりました。でも、父は今でも勉強をしています。彼は法律を専攻しています。彼は検察官になる前に、先ず弁護士になり、そして、もし出来るなら裁判官になりたいのです。

Tagapayo : Ano ba ang propesyon ang pinakagusto mo?

指導員：あなたが最も好きな職業は何ですか？

Delfin : Gusto ko maging akawntant para maging matagumpay na negosyante ako.

デルフィン：私は成功したビジネスマンになるために、会計士になりたいです。

Tagapayo : Komersiyo muna ang kunin mo.

指導員：まず、あなたが取るのは、商業コースね。

## 会話練習

1. Ang (guro / propesor / propesora / maestro / maestra) ay nagtuturo sa (mababang paaralan(elementarya) / mataas na paaralan / kolehiyo / unibersidad (pamantasan)).

(先生 / 教授 / 女性教授 / 男性教師 / 女性教師) は、(小学校 / 高等学校 / 単科大学 / 総合大学) で教えています。

2. Ang musikero ay tumutugtog ng (biyulin / piyano / organo / gitara / trumpeta / baho / mandolina / akordiyon).

音楽家は (ヴァイオリン / ピアノ / オルガン / ギター / トランペット / バスーン / マンドリン) を演奏します。

3. Ang (doktor / doktora / siruhano / nars) ang nag-aalaga sa (maysakit / pasyente / mga taong naaksidente / nagpapagaling na pasyente / ooperahan).

